

I

THE SUICIDE QUEEN: MONETTE

Lang taon na ba naming pinaplano ang outing na ito? Kailan nga ba huling nakumpleto ang barkada? Humigit-kumulang pitong taon na yata. Sa wakas, nakulayan na rin ang drawing namin! Excited ako pero hindi ako natutuwa.

Kung sino ang pinakamalalapit kong kaibigan, sila rin ang pinakakinaiinisan kong tao sa mundo. Sa sobrang pagkainis ko sa kanila, pinaghandaan ko talaga itong reunion namin. I dyed my hair auburn para mas fabulous! And of course, namili ako ng mga outfits na isusuot ko for the span of our vacation!

Sa grupo namin, anim kaming magkakaibigan at pulos mga babae pa kami. Palagi kaming nagpapaungusan sa lahat ng bagay, walang gustong maging kulelat. Lihim na kakompetensya namin ang isa't isa.

“Oh, my gosh! This is so adventurous!” Kumukuti-kutitap pa ang mga mata ni Lovie habang tinitingnan ang paligid. “Para tayong nasa Amazon jungle!”

Isip-bata! Kung ipatapon ko kaya siya sa Amazon jungle para lapain siya doon ng mga wild animals!

“Lovie, ano ba! Nakakaliyo!” saway ko sa kanya. Paano ba naman tumalon-talon pa siya habang

tumatawid kami, eh, gawa lang sa lubid at kahoy itong makipot na tulay. Feeling ba niya magaan siya? Siya nga ang pinaka-chubby sa grupo.

Nakangiting humarap sa amin si Kastel. “Well, matagal na kasing plan ng family namin na bumili ng private resort. This place is such a sanctuary, ‘no?”

Sus! Ang yabang! Sinuwerte lang naman ang parents niya sa ibang bansa kaya sila yumaman.

“Monette! Picture-an mo naman ako.” Iniabot sa akin ni Kastel ang *iPhone7* nito.

Ang sarap basagin ng cellphone niya! Magaling mag-makeup at fashionable lang pumorma si Kastel, pero kung titingnan maigi ang kanyang mukha ay pangkaraniwan lang ang itsura. Feeling model pa lagi kung makapag-post ng mga #OOTD niya. Never ko ngang ni-like! Kung puwede ko nga lang siya i-block kaso baka mahalata ako.

Ibinalik ko kay Kastel ang phone niya. Bibili rin ako ng *iPhone*, iyong mas latest model pa! Kaya lang naman nakakaangat siya sa buhay ay dahil sa kanyang mga magulang na nagpakahirap magtrabaho. Pero kung sa sariling sikap lang ngayong may mga trabaho na kami? Wala siyang binatbat.

Inilibot ko ang mga mata ko sa paligid. Ang lalago ng mga puno at halaman. Medyo malamig ang simoy ng hangin at makapal rin ang hamog. Maririnig ang tunog mula sa dagat pati ang huni ng mga kuliglig. Tanging itong tulay lang na nilalakaran namin ang nagdudugtong sa resort at

bayan.

“Parang ang tahimik...” Naunahan akong mag-react ni Anna, ang santa-santita ng grupo. Akala mo kung sinong mahinhin, nasa loob pala ang kulo. “Makakapag-relax at makakapag-reflect ka talaga...” dugtong pa niya.

Buti nakasama pa siya sa amin. Tatlong bata na ang pinapasuso niya. Wala siyang kaayos-ayos, losyang na. Fourth year high school pa lang kami nang mabuntis siya kaya hindi na siya nakapag-college. Grabeng scandal iyon noon. I smiled remembering that thought.

“Ang creepy ng vibe.” I turned my head to the one who spoke. “I don’t feel like I’m in a sanctuary. I feel like I’m in a horror movie scene. You know, ’yung place a group of friends travel to then they get butchered by disfigured hillbillies or crazy ethnic groups.”

Instinct na yata ni Gabi ang manlait kapag na-sense niyang nagpi-feed ka ng ego. Ayaw kasi niyang magmukha kang magaling o bida-bida. Inggitera! Palibhasa mukha siyang lamang-lupa—maliit, payat, maitim at ang tulis ng ngipin. Diyos ko! Buti na lang nakabawi siya sa utak.

Nakikita ko na ang namumuong dark clouds sa pagitan nina Kastel at Gabi. Ang sarap nila parehong patamaan ng kidlat!

Nabasag ang tension nang makarinig kami ng sigaw. Nagdilang-demonyo nga ba si Gabi? Sabagay, mukha naman talaga siyang kampon ng kadiliman.

“Girls! May snake!” Nagtitili si Ryzae.

Napaikot ako ng mga mata. *Why so scared, friend? Pareho lang naman kayo ng ahas.* Kung si Anna ay santa-santita, siya naman ay si Ryzae pokpokita. Sagad sa clitoris ang kalandian. Lahat na lang ng crush at potential boyfriend namin ay inakit at tinuklaw niya. Porque't maganda at sexy siya, whore license niya na iyon?

"Where?" ani Kastel.

"There, oh!" nagtitili pa rin na turo ni Ryzae. Napairap na lang sa kanya si Gabi.

"Para 'yan lang? Mas takot pa nga kami sa iyo."

Muntik na akong matawa sa inside joke na iyon. "It's barely six inches," sabi ko. "Just kill it!"

Pumulot ng malaking bato si Lovie. "Game!"

Nangingiti at nanlalaki ang mga mata ko habang wala kagatol-gatol niyang pinukpok ang ahas. Natalsikan pa nga ako ng dugo sa pisngi. Binasa ko ng dila ang aking mga labi. Hindi ko mapigilan na maglaway sa pagkatakam.

"Ang brutal mo! Buhay pa rin 'yang pinatay mo." Ang lungkot ng mukha ni Anna. Kinindatan siya ni Lovie.

"At least now, that snake is in heaven!"

Gusto mo na rin bang pumunta sa heaven? I'd be willing to help you, my friend. And I'll be more than happy to send you all there. Kaso baka hindi kayo papasukin sa langit, baka ibang pinto ang magbukas sa inyo.

Nangangati na ang mga kamay ko. Hindi na ako mapakali. Pumipitik na ang mga paa ko. "Okay na ba? Let's just go already!" I'm fed up with all

their nonsense talk, it's time for some real action.

Hinaplos ko ang marka ng mga laslas sa pulso ko. Pagbabayaran ko sila sa pang-iiwan nila sa akin sa ere sa pinakamadilim na parte ng buhay ko.

“Tequila Sunrise!”

“Blue Moon Magic!”

“Vampire Thirst!”

Umii kot na ang paningin ko sa bagsak ng iba't ibang kulay na mga cocktail sa harapan ko. Bawat lagok ay gumuguhit ang init sa lalamunan ko. “Woohoo!”

Gusto ko sanang magpakalasing para makalimutan ko ang problema ko sa bahay. But, ironically, people don't drink to forget, they drink to remember. Maghihiwalay na ang parents ko. On what grounds? Irreconcilable differences. Bullshit! Sa gagawin nila ay para na rin pinunit ng sarili kong mga magulang ang pagkatao ko!

“Do you need company?”

Isang lalaki ang tumabi sa akin. Payat, maputi, singkit, naka-braces at pulos bakas ng tiniris na taghiyawat ang malubak niyang pisngi. Mukha siyang bakla!

I rolled my eyes inwardly. “Kung ikaw lang rin naman ang company? No, thanks!”

“Ang suplada mo naman.” Ngumisi siya. “Anyhow, I thought bawal ang minors dito? How young are you again?”

Pumili nga ako maigi ng damit at nag-heavy makeup para makapag-inom ako sa bar. Buti nga

di ako hiningan ng ID n'ung bouncer at waiter pagkatapos ibubuko lang ako ng palakang ito.

I snapped back at him. "Ano ba'ng problema mo? What do you want?"

Umusod pa siya palapit. "I just want to drink with the prettiest girl in the crowd."

Tambay ba siya lagi sa mga bar? Bakit ang luma ng pick-up line niya? Pangit na nga siya, pangit pa ang hirit niya.

I let out an exasperating sigh. "Fine. Whatever."

Kinuha ko ang cellphone ko at madaling nag-group message sa barkada. Pinakiusapan ko silang puntahan ako sa bar dahil hindi na maganda ang pakiramdam ko sa pagdikit-dikit ng butiking manyakis na ito sa akin. Ngunit halos thirty minutes na kaming nagdedebate sa text kesyo kasalanan ko kasi pumunta ako nang mag-isa, gabi na at di na sila papayagang lumabas, may ginagawa silang importante at kung anu-ano pang mga dahilan! Nakakapanggigil sa sama ng loob. Hindi sila maasahan sa problema! Ganoon ba kahirap sa kanila na gumawa ng isang bagay para sa iyo na walang benefit sa sarili nila? Mga walang kuwentang kaibigan, ang galing mang-iwan sa ere!

Tuluyan na akong nalango ng mga ininom ko. Naliliyo na ako at namumula na ang mga pisngi ko. Nagdesisyon akong umalis na habang kaya pa ng katawan ko. Dahil wala naman akong maasahang tulong mula sa barkada ko.

Madali akong lumabas ng bar at pumara ng taxi pauwi.

Bagsak at lugo na ang katawan ko sa upuan. Muntik na nga akong makatulog kung hindi lang pumasok sa mata ko ang liwanag ng kasalubong naming kotse. Sumilip ako sa bintana at nakita kong iba ang dinaraan namin.

“Manong! Bakit iba ’tong dinaraan n’yo?”

Huminto ang taxi. Walang tao kahit ilaw sa lugar na iyon. Napalunok ako. Kinabog ng kaba at takot ang dibdib ko. Malaki ang pangangatawan at balbas-sarado ang taxi driver. Wala man lang akong makitang identification niya sa loob ng sasakyang.

Naluluha na ako. “Gusto ko na hong umuwi, Manong. Bababa na ako...”

Nag-panic na ako nang hubarin niya ang kanyang belt at pantalon. Sinubukan kong buksan ang pinto pero naka-power lock. Nagpasigaw na lang ako. “Huwag po! Maawa kayo!”

Mabilis siyang lumapit at dumagan sa aking mga hita. Itinaas niya ang palda ko. Ikinukuskos ng driver sa panty ko ang nakaumbok na ulo ng kanyang pagkalalaki habang hinahalikan ang buong mukha ko. Kahit nanghihina ako sa kalasingan ay pinilit kong manlaban, pero tinutukan niya ako ng patalim.

“Isa pa... Papatayin kita..”

Naestatwa na ako. Napasigaw na lang ako nang maramdaman kong ipinasok na niya ‘iyon’ sa aking pagkababae.

Ibinaba ako ng taxi driver kung saan. Wala ako sa sarili. Magulo ang buhok ko at may punit pa ang damit ko. Niyakap ko ang katawan ko. Doon ko napagtanto na nagahasa ako. Wala akong ibang

nagawa kundi ang maglupasay sa iyak.

Wala akong dinatnan na magulang pag-uwi ko sa bahay. Para akong mababaliw. Dumiretso ako sa banyo upang hugasan ang kababuyan na ginawa sa akin. Ngunit kahit anong kuskos at sabon na gawin ko ay nakadikit na sa pagkatao ko ang kahalayan na ginawa ng lalaking iyon. Tiningnan ko ang hubad kong repleksyon sa salamin. Nakita ko sa isip ko ang imahe ng animal na taxi driver.

May kung anong espiritu ang sumanib at nagtulak sa akin na kunin ang blade. Nilaslas ko nang nilaslas ang pulso ko! Bawat hiwa ay kaakibat niyon ang sigaw ng naghalo-halong sakit, galit at lungkot sa puso ko.

“Sa paghihiwalay ng mga magulang ko! Sa plastic kong mga kaibigan! At sa demonyong driver na lumapastangan sa akin!”

Nanlata ako sa pag-agos ng dugo sa pupulsuhan ko. Nagdilim ang paningin ko’t nawalan ako ng malay.

“Ready!”

Sabay-sabay naming tinahak ang dulo ng tulay habang nagkukuwentuhan, nagbibiruan at nagtatawanan. Syempre plastikan lang ang lahat. Humanda silang lahat ngayon sa paghihiganti ko.

“We’re here! Squad goals!”

Pagkatapak ko sa lupa ay para bang may umihip na masamang hangin na tila nagsasabing ito na ang magiging libingan namin.

II

THE YOUNG MOTHER: ANNA

Tila lumulutang ako habang dinadama ang liwanag ng langit at masarap na simoy ng hangin. Animo'y hinahagod ang problema palabas ng pagkatao ko. Gusto kong lumipad sa malayo... malayong-malayo.. Malayo sa ingay at iyak ng mga anak ko. Malayo sa mura at bugbog ng asawa ko.

Kung puwede ko lang ibalik ang araw na bumago sa dikta ng kapalaran ko. Isinama ako noon ng kaibigan kong kapitbahay namin sa isang fiesta. Nagkayayaan kaming mag-inuman kasama ang iba pa niyang mga kaibigan kung saan ko nakilala si Michael, ang halimaw kong asawa. May nangyari sa amin mismo nang gabing iyon. Matapos niyon ay tuloy-tuloy nang gumuho ang mundo ko.

Ano kaya ang kinuha kong course kung nakapagkolehiyo ako? Noong bata tayo kapag tinatanong kung 'ano'ng gusto mong maging paglaki?' ay ang bilis natin sumagot. Ngunit sa pag-edad natin, mas nahihirapan tayong sagutin ang tanong na iyon. Kahit ang mga may trabaho na, hinahanap pa rin ang sarili at kasiyahan nila.

Hindi ko na naisip iyon noong high school kasi ang nasa isip ko na ay ang sanggol na namumuo sa sinapupunan ko. Maagang nawala sa akin ang kabataan ko. Itinakwil pa ako ng mga magulang ko.

Ginagawa rin akong punching bag ng asawa ko.

Nag-excuse ako sa PE class kasi sobrang sakit ng puson ko. Buti tapos na si Lovie sa activity kaya sinamahan niya akong maupo muna sa bench.

“Okay ka lang ba, Anna? Namumutla ka, ah. Gusto mo bang bumili ako ng gamot?”

Sobra ang kaba at takot sa puso ko dahil mukhang hindi gamot ang kailangan ko kundi... pregnancy test. Mahigit dalawang buwan na rin akong di dinadatnan ng regla. Simula nang may mangyari sa amin ni Michael noong fiesta. Naiiyak na naman ako sa naiisip ko.

“Lovie... may sasabihin ako sa iyo...” Hinawakan ko nang mahigpit ang mga kamay niya. “Mangako kang sikreto lang natin...”

Mabilis siyang tumango. “Oo naman.” Itinaas pa niya ang kamay. “Promise! Cross my heart!”

Sa aming barkada, may pinakamalaking tiwala ako kay Lovie lalo na’t kami ang pinakaunang naging close kaya ikinuwento ko sa kanya ang problema ko.

“My gosh! Alam na ba ni Michael ’yan? Alam mo, tayong mga babae talaga ang dehado sa ganitong mga sitwasyon! Tayo ang mabubuntis ’tapos titigil sa pag-aaral kung estudyante pa. Babae ang mahuhusgahan na malandi habang ’yung lalaki ay buhay-binata pa rin. Magsa-suffer ng morning sickness, maglilahi, mood swings at kung anu-ano pa. Tataba, magkaka-stretch marks, lalawlaw ang balat sa tiyan. Higit sa lahat, masasaktan at malalagay ang isang paa sa hukay sa panganganak—”

Napatikom si Lovie ng bibig nang ma-realize niyang idinidikta niya ang magiging kapalaran ko. Lalo tuloy akong nanlumo.

Huminga siya nang malalim. “Ganito, huwag na lang tayong sumabay mag-lunch sa barkada para makabili tayo ng PT.”

Humiwalay kaming dalawa sa grupo nitong tanghali. Nandito kami ngayon sa tapat ng drug store.

“Pagbibilhan kaya tayo ng PT?” pagdadalawang-isip ko. “Naka-uniform pa man din tayo.”

“Alam ko na!” Tinuro ni Lovie ang babaeng nagtitinda ng palamig at candy. “Nakikita mo ba si ate? Sa kanya na lang tayo magpabili ’tapos bayaran na lang natin siya ng beinte pesos.”

Salamat kay aling tintera kaya nakabili kami ng pregnancy test. Nag-ayang kumain si Lovie. Buong maghapong di niya ako iniwan. Lumilipat siya ng upuan para matabihan ako sa classroom. Nagpapatawa siya at nagkukuwento ng kung anu-ano para kahit saglit ay makalimutan ko ang problema ko. After class ay ita-try namin ang PT para wala nang masyadong tao sa school.

Humiwalay at nagdahilan na lang ulit kami sa barkada. Pinapalakas ni Lovie ang loob ko, pero nanghihina talaga ang buong katawan ko. Pumunta kami sa CR at pumasok ako sa isang cubicle. Nanginginig ang mga kamay ko habang ginagamit ang pregnancy test. Nakasalalay sa resulta nito ang kinabukasan ko.

“P-positive...”

Pakiramdam ko ay tumakas ang aking kaluluwa

sa katawan ko. Bumagsak ako sa sahig. Punong-puno ako ng pagsisisi. Kung maibabalik ko lang ang oras... Paano ko ito ipagtatapat sa mga magulang ko? Hindi pa ako handang maging ina! Napasabunot ako ng buhok. Mababaliw na ako. Humagulgol na ako ng iyak.

Kumatok si Lovie sa cubicle kung saan ako nandoon. Napayakap na lang ako sa kanya.

“Gusto ko na lang maglaho na parang bula. Ayoko nang harapin ang mundong ’to...”

“Anna, ’wag mong sabihin ’yan—”

“Ano’ng nangyayari dito?”

Napatingin kami pareho kay Monette na nasa pintuan ng comfort room. Itinago ko agad iyong PT sa likuran ko.

“Monette! Sinundan mo ba kami?” tanong ni Lovie.

“Oo! Nakakahalata na kasi ako sa inyo. Kanina pa kayo nagsosolo, para kayong may nililihim.” Tiningnan niya ako. “Bakit ka umiiyak, Anna?” Hinablot niya bigla ang kamay kong may itinatago at nakita ang pregnancy test. Napasinghap siya. “Don’t tell me buntis ka? Oh, my God! Sino’ng ama?”

“Monette! Please!” Nagpunas ako ng luha. “Nakikiusap ako sa iyo, walang p’wedeng makaalam nito.”

Umiling siya. “Akala pa naman namin kung sino kang di makabasag-pinggan. Kailangang malaman ’to ng barkada!”

Nang nalaman ng barkada ay lumabas na rin sa buong school ang kalagayan ko. Pinilit ko na lang matapos ang fourth year kahit para akong may

nakakadiring sakit kung pandirihan ng lahat.

Minsan gusto ko na lang talagang mamatay. Isasama ko sa hukay ang mga kabarkada kong perpekto ang buhay.

“Malayo pa ba? Ang sakit na ng paa ko, huh!” reklamo ni Ryzae.

“Isipin mo na lang adventure ‘to,” sabi ko sa kanya.

Nakakatuwa talaga dahil tagong-tago itong lugar. Puwedeng-puwede na pumatay nang walang makakakita o makakarinig sa mga biktima.

“OMG! Need ko na talaga ng sugar!” Kumuha si Lovie ng chocolate sa backpack niya. “Di ko na keril! I need to gain back my energy!”

“Paano kasi, ang bigat ng binubuhay ng paa mo!” hirit ni Gabi.

“Wag mong ginaganyan si Lovie!” sita ni Kastel. “May *jowa* ‘yan! ‘Tapos successful pa ang business!”

“Oo nga! Dinalhan ko pa naman kayo ng brownies at cookies galing sa bake shop ko! Hmph! Sumbong ko kayo kay Jiro, eh!”

Binalot ng lungkot ang mukha ko. Kahit namatayan si Lovie ng mga magulang ay nagawa pa rin niyang makapagtapos ng pag-aaral at makapagtayo ng sariling negosyo. Samantalang ako, doon napatira sa squatters’ colony.

Sana malugi ‘yang negosyo mo at bugbugin ka rin n’ung boyfriend mo kapag nagpakasal kayo.

“Puro kasi kayo dada d’yan! Bilisan na lang natin ang paglalakad para makarating na tayo!”

utos sa amin ni Monette.

Akala mo kung sinong boss itong si Monette kung makapagmando! Kapag siya ang late, okay lang sa lahat. Pero kapag may na-late ang iba, galit na galit siya kasi pinaghintay siya pagkatapos walang kakausap sa iyo na para bang kasalanang mortal ang ginawa mo. Kahit pati restaurant na kakainan o movie na papanoorin namin ay palaging siya ang pumipili. Nakakapagod na maging sunud-sunuran sa kanya!

Bakit sobrang unfair ng treatment? Dahil ba may suicidal tendencies siya kaya lagi siyang pinagbibigyan at puwede niya na kaming susian na parang robot? Sana natuluyan na lang pala siya dati nang muntik na siya magpakamatay. Sawang-sawa na ako sa attitude niya!

“Ikaw, Ann, ’wag kang babagal-bagal! Ninamnam mo pa yata ’yang hangin!”

Tinawanan ako ng lahat sa sinabi na iyon ni Monette. Naikuyom ko ang kamao ko sa pagpigil ng luha.

Lahat na lang ng gawin at sabihin ng babaeng ito ay bidang-bida siya kahit namamahiya na siya. Simula pa noon! Noong naglaslas siya dati, tinulungan at tinanggap pa rin siya ng barkada. Pero ako? Nang nabuntis ako ay pinandirihan at ikinahiya nila ako!

Pinanood lang nila akong malunod sa dagat ng apoy. Namuhay akong mag-isa sa impyerno. Ginawa nila akong demonyo. Hihilahin at ilulubog ko sila kasama ko.

III

THE PROUD PRINCESS: KASTEL

“We’re here! Squad goals!”
Automatic akong ngumiti nang mag-group picture kami sa phone ni Lovie.

“I’ll post this on IG na! So cute!”
Tuwang-tuwang siyang nagpipindot, pero agad nawala ang ngiti sa mukha niya. “Huh? No signal?”

I found it very amusing. Paano naka-graduate ng college si Lovie at naging matagumpay na businesswoman kung hanggang ngayon ay wala siyang common sense?

“Earth to you, dum-dum! We are in the middle of nowhere.”

Napakasakit talagang magsalita ni Gabi. She’s very frank and vocal. And, in the girl world? Insensitivity would just draw you a lot of enemies. So better stay like a *Barbie* doll, pretty and plastic.

“I can just only pray na meron ngang electricity dito, eh.”

Ano ba ang problema ng babaeng ito? Hinawakan ni Monette ang braso ko nang mapansin niya sigurong naiinis na ’ko. Bakit ba gigil na gigil si Gabi sa resort ko? Sumama lang yata siya para makapanglait!

Ayoko magmukhang asar-talo kaya pinilit kong magtimpi. “Yup... Limited kasi ’yung kuryente dito. As much as possible, tipirin n’yo ang battery ng

gadgets n'yo. Kasi pag nag-charge pa tayo, baka wala na tayong magamit pang ilaw.”

“Ha? Bakit hindi mo sinabi? Sana nadala ko 'yung power bank ko!”

I was just simply at a loss for words. Isa pa itong si Ryzae! Totoo nga siguro ang karamihan sa magaganda ay bobo. Pinakamaraming boylet sa grupo si Ryzae. Pero siya rin ang may pinakakaunting brain cells. Pulos pangongopya lang ang alam niya noong high school.

“Mas okay na rin siguro 'yun.” Napalingon ako sa nagmamay-ari ng malumanay na boses na iyon, si Anna. “For us to appreciate nature 'tsaka para makapag-bonding tayo nang maayos. Hindi 'yung kanya-kanya tayong pindot sa mga cellphone o laptop natin.”

“Exactly!” I agreed.

“Yeah... Just like what Albert Einstein said, he feared the day that technology will surpass our human interaction.” Ipinako ni Gabi ang tingin niya kay Ryzae. “The world will have a generation of idiots.”

“Sumosobra ka na, ha! Bitch!” Muntik nang masabunutan ni Ryzae si Gabi.

“Hey! Tama na!” Buti napigilan at nahawakan agad siya nina Anna at Lovie. Ay, hindi pala mabuti. I could have watched her get battered and bruised without my hands getting dirty. Sayang!

“Ano ba'ng ipinagmamalaki mo, Gabi, ha? Saan ka dinala ng talino mo, eh, teller ka lang naman sa bangko. Suweldo mo ng isang buwan, kinsenas ko

lang!”

Whoa! Nice shot, Ryzae! Kusang tumaas ang gilid ng mga labi ko. Supalpal ang ego ni Gabi! Mas masakit pa iyon kaysa sa sampal sa matigas niyang mukha.

Maybe her reason for picking on others is to hide her own insecurities. Sa barkada bukod kay Anna ay si Gabi na ang pinakakulelat pagdating sa trabaho. Certified Public Accountant naman siya, nasa top ten pa nga siya sa board exams nationwide. Despite that, she can't jump to better job opportunities. Siguro kasi sa interview pa lang ay nagmamayabang at nagmamagaling na agad siya.

Kung ibabalik ang tanong kay Ryzae kung saan siya dinala ng maganda niyang mukha at katawan? Sa airlines. Flight attendant si Ryzae. Free world tour tuloy ang bruha.

Life itself is prejudiced.

“Yeah, maybe.” Gabi stepped forward. “One thing that I do have that you don't is,” anito na dinuro si Ryzae, “virginity.”

For real? Was she desperately pulling this? Hindi naman ako na-offend. Fact is, I don't care. Virginity was a big issue when we were in high school. But now? For crying out loud, we're already in our early twenties! Nakaka-frustrate lang talaga si Gabi. Hindi siya nagpatalo! Ang sarap niyang ibaon six feet under!

“Stop it!” Pumagitna si Monette sa kanila. “Ang layo na, ha? Signal lang ang issue, nakarating na

sa virginity?”

Tawang-tawa si Anna sa komento na iyon ni Monette. Kahit ako ay di ko napigilan mapatawa. Hanggang sa isa-isa na rin kaming tumawa.

Tension was cooled. For now.

Muntik na sana kong maniwala sa pang-aawat at concern ni Monette kung hindi ko siya kilala. Ganyan naman lagi ang role niya. Palagi siyang playing safe sa mga issues. Wala siyang kinakampihan. Ngunit ang totoo, tuwang-tuwa siya kapag may nag-aaway sa grupo. Balimbing. Ang sarap nga naman sa feeling kapag nagkakagulo ang lahat pagkatapos ikaw ay pinapanood mo lang silang mag-away at pinapakinggang magsiraan.

Naalala ko pa noon kung paano ko ginawa ang lahat para lang makapasok sa barkada. Hindi ko nga alam kung nagsisisi ba ako na naging parte pa ako ng grupo nila...

“Class, this is your new classmate, Kastel Geronimo.”

Ipinakilala ako ng adviser namin sa buong klase. Kalagitnaan na ng freshman year nang ilipat ako ng parents ko from public to private high school.

Ang laki talaga ng igininhawa ng buhay namin dahil sa pag-abroad ng mga magulang ko. Pero nakakasama lang namin sila ng mga kapatid ko tuwing summer at Christmas vacation. Kapalit niyon ay ang magara at maluhu na buhay na meron kami ngayon.

“You can sit here. In between Monette and

Anna.”

Nahihiya akong bumati sa kanila. “Hello.”

Nginitian ako nang matamis ni Anna. “Hi. Welcome sa class 1-A!”

Umupo ako. “Salamat.” Napahinga ako nang malalim. “Sana makahabol ako sa lessons.”

“Don’t worry, help kita. Approach ka lang.”

Ang bait ni Anna. Sana maging friends kami.

Tiningnan naman ako ni Monette mula ulo hanggang paa. Hinawakan niya ang bag ko. “I want this, so pretty and nice!”

Napatango ako. “Thank you. Padala ’to sa akin ng mama ko galing ibang bansa.”

“Wow, rich kid!”

Hindi ko malaman kung nagbibiro si Monette o nayabangan siya sa akin. Tumahimik na lang ako.

Mabilis lumipas ang mga araw. Okay naman ang mga bago kong kaklase. Kinakausap nila ako pero wala pa rin akong masasabing kaibigan.

“Wala ka bang kasabay?”

Napatingin ako kay Anna nang itanong niya iyon habang naglalakad kami papuntang canteen. Umiling lang ako.

“Napapansin ko palagi kang mag-isa. Gusto mo sa amin ka na lang lagi sumama mag-lunch?”

Parang nagingning ang mga mata ko sa sinabi niya. Mabilis akong tumango. “Gusto ko! Gustong-gusto ko!”

Ipinakilala sa akin ni Anna ang mga kasama niya. Bukod kay Monette, may iba pa pala silang kabarkada—sina Lovie, Gabi, at Ryzae.

Pumuwesto kami sa pahabang mesa sa gilid ng canteen. First time kong may makasabay kumain. Sa sobrang saya ko ay ililibre ko na sila!

“Girls, treat ko na kayo!”

“Yun, oh!” Kinindatan ako ni Ryzae. “Friendship na kita, gurl!”

“Talaga?” Namilog ang mga mata ni Lovie. “Pati ba dessert?”

Natawa ako. “Oo naman. Kahit ano’ng gusto n’yo.”

Nagkatinginan lang sina Monette at Gabi. Nginitian naman ako ni Anna.

Simula noon ay madalas na nila akong isinasama, lagi nga lang silang nangangantyaw ng libre. Nagpapauto naman ako. Lalo na nang nakita nilang iPhone ang cellphone ko. Gandang-ganda sila sa camera kaya hinihram nila ito lagi pang-picture.

“Kastel! Pahiram ng phone mo, magpapalit ako ng profile picture sa FB!”

Minsan feeling ko ay ginagamit lang nila ako, pero tinitii ko na lang dahil desperada na akong magkaroon ng mga kaibigan. Ayokong maging loner at outcast.

One afternoon after dismissal, bigla nila akong pinalibutan. Nagtataakang tiningnan ko sila. “A-ano’ng meron?”

Monette took a step forward. “Well, Kastel, we want you to know... officially part ka na ng barkada namin!”

“Talaga?” Halos mapatalon ako sa tuwa. “Promise ko sa inyo, I’ll be your friend sa ligaya o

problema man.”

“Tandaan mo, meron tayong friendship codes and rules. And number one is...” Hinigit ni Monette ang bag ko. “Hindi mo na p’wede gamitin yan. Dahil pink dapat lahat ang bag natin. Kuha mo?”

Kahit paborito ko ang bag ko dahil regalo ito sa akin ni Mama, nag-agree ako sa kanila. Sa pakikisama ay nagsimula akong maging plastik at magkimkim ng sama ng loob.

Tinangan ako ni Monette na nagsasabing pumasok na kami sa loob. Sinusian ko ang malaking padlock. Hinila at tinanggal ko ang kadena. Lumangitngit ang gate pagkatulak ko.

“This is it, girls, there’s no turning back.” I smiled blissfully.

Nasa bridge at gate pa lang ay halos magpatayan na kaming lahat kanina. Paano pa kaya ngayong nandito na kami sa resort?

Sa loob ng tatlong araw... walang gadgets, walang ilaw, walang ibang tao. Sa mga lihim na galit namin sa isa’t isa, baka wala nang matira sa amin.

IV

THE CHILDISH CHUBBY: LOVIE

Ang bilis ng tibok ng heart ko. Pakiramdam ko ay nakapasok ako sa mga fairytale books na binabasa ko noong bata pa ako.

Kumukutitap ang mga mata ko habang tinitingnan ang malalaki at sanga-sangang puno. Nagkukulay orange na rin ang paligid dahil sa mga natuyong dahon at sinag ng palubog na araw.

“Just as I thought! Magugustuhan mo 'tong tree tunnel!”

Napalingon ako kay Kastel. Mabilis akong tumango. “Gosh! Super! Fairy tale feels!”

This place is so enchanting! I feel like a princess. Well, a princess in dark twisted fairy tale dahil kasama ko ang mga evil friends ko.

Kastel giggled. “I’ll take pictures of you. You want?”

“Of course!” Iniahot ko sa kanya ang phone ko. Inayos ko ang suot kong hat at dress. I smiled, turned, jumped to give the camera a bunch of different poses. Siguro naka-more than five shots rin sa akin si Kastel.

“O, Lovie, check mo kung okay.”

Napangiti ako. “Ang expert mong kumuha ng pictures! Perfect 'to for my IG!”

Nag-shrug siya nang pabiro. “Syempre! Ako pa!”

“Mas gusto ko ‘yung atmosphere ng pine trees sa Baguio.”

Bigla akong nawala sa mood. Biglang pine trees naman siya diyan! *Shut up, Monette!* Kapag hindi siya ang bida, hindi siya naimik o kaya change topic siya. *Bastos kang babae ka! Kung gusto mong nasa iyo palagi ang spotlight, eh, kumain ka na lang ng tae! Papalakpakan pa kita.*

“Solo back packer nga ako, eh. Ang adventurous sa feeling! Try n’yo din. Nakapunta na ako ng La Trinidad, Benguet at Sagada.”

Gusto kong takpan ang mga tenga ko. *Akala mo ba interesado ang lahat sa talambuhay mo? Uso ka lang sa kakukuwento, pero hindi ka marunong makinig! Putulin ko kaya ang dila mo para hindi ka na makapagsalita!*

Bumalik ako sa katinuan nang marinig ang familiar ringtone ng phone ko. Napangiti ako nang makita ang pangalan niya sa screen. Si Jiro! Pero bago ko pa ma-click ang ‘answer’ button ay biglang nawala ang call. “Grr! Nakakainis!” Hopeless talaga ang signal dito sa gubat!

“May signal ka? Tumawag ba si boyfie?” tanong ni Ryzae.

“Nawala, eh. Oo,” I answered her abruptly. Baka mapag-interesado pa niya ang my darling Jiro! Ang pogi kaya ng hubby ko, magaling pang mag-magic! Hihi.

Lahat na lang ng mga cute guy friends ko ay pinipilit ako ni Ryzae na ipakilala ko siya, pagkatapos malalaman ko na lang na naka-sex na

pala niya! Malandi. Kaya after high school, natuto na akong mag-ingat sa kamandag ni Ryzae.

May mga kabarkada rin kasi akong lalaki. Mas komportable nga akong kasama sila. Mas totoo pa silang kaibigan. In life? Men may be competitive but women are jealous. The female mind is much more calculative of small actions. Kaya lahat ay big deal. The way you see two male best friends and two female best friends is very different. Boys curse and brawl all the time but will always be friends. While girls hug and kiss at the same time bitch one another behind their backs.

“Paano kaya kapag tumawag ‘yung boss ko?”

Here we go again... Si Miss Me, Myself and I! Anyhow, ahente si Monette ng mga condo unit at house and lot. Malaki talaga ang commission niya. Idagdag pa ang dinadaya niyang rent amount at ninanakaw niyang pera sa kumpanya nila. Ang galing, di ba? Pero consistent si Monette sa pagdadasal sa church every Sunday. Pwe!

People seek blessing in the misery of others. They always say ‘Pasalamat ka sa Diyos kasi ganito, ‘yung iba nga ganyan’. So... kailangan mong i-look down ang iba bago mo ma-appreciate ang buhay mo? Jesus!

Imbes na tuluyan akong ma-bad trip, I diverted my attention on reaching the end of the tree tunnel. Malay natin sa dulo ay nandoon na ang Prince Charming ko at ang aming happy ending. O, di ba?

Kitang-kita na namin ang full view ng buong resort. May malaking Spanish-style pension house.

Sa harap niyon ay may kidney-shaped pool na may mga beach chairs at mini coconut trees sa gilid nito.

“Girls, welcome to *Casa Geronimo!*”

Masigla ang welcome sa amin ni Kastel kahit medyo patay ang kulay at haunting ang vibe nitong lugar nila.

Panigurado mas magiging healthy at makukulay ang mga plants and trees dito dahil sa nutrients ng ibabaon kong dead bodies ng mga friends ko. Joke lang!

“Wow! Maka-casa, ah.” Gabi roamed her eyes around with her arms crossed. “When was the last time this resort operated?”

“One year ago? Honestly, nabili lang namin ito last month. Pero napaabisuhan ko naman ‘yung caretaker na darating tayo. Tingin ko nakapaglinis na sila. Look...” Itinuro ni Kastel ang pool. “Malinis ‘yung tubig.”

“Baka may ghost?” I asked.

Nagkibit-balikat si Kastel. “Naku! Iyon ang hindi ko alam.” Sinimangutan ko siya. “Wag ka ngang manakot!”

Isang multo lang naman ang kinatatakutan ko. Ang multo ng dating ako na nawala mula nang maging kabarkada ko sila. At ang multo na lumitaw dahil sa kasamaan nila.

Wala na akong mailuha pa. Parang dinukot ang puso ko. Nakatulala lang ako sa kabaong ng mga magulang ko. Buhay nga ako pero pakiramdam ko ay isa akong nawawalang kaluluwa.

“Condolence, Lovie.”

Napaangat ako ng tingin. Sina Monette, Ryzae at Gabi ang nasa aking harapan. Ni hindi ako makahulma ng ngiti para tumugon sa kanila. Umupo sila sa tabi ko.

Hinagod ni Monette ang likod ko. “Ano ba’ng ikinamatay nila?”

Napapikit ako nang madiin. “Hit and run.”

“Ano’ng s’abi ng mga pulis? Nahuli na ba ’yung nakabangga?” tanong ni Gabi.

Umiling ako. “Hindi pa. Wala nga silang kahit anong lead, eh.”

“Magpatuka ka ng sisiw sa ibabaw ng kabaong.” Nagsimulang magkuwento si Ryzae. “Ginagawa raw ’yun kapag pinatay o naaksidente ang biktima para makonsyensya ang kung sino man ’yung gumawa ng krimen.”

“Hindi naman makakatulong ’yang mga pamahiin mo, Ryzae!”

“Suggestion lang naman ’yun, Gabi. ’Tsaka effective raw, ’yon ang s’abi ng lola ko, ’noh!”

Bago pa sila magtalo, pinutol ko na silang dalawa. “Nasaan nga pala sina Anna at Kastel?”

“Hindi raw makakapunta si Anna kasi may-sakit daw ’yung anak niya. Si Kastel naman hindi namin ma-contact, pero nakita ko sa FB na nakabakasyon siya sa Dubai kasama ng parents niya,” sagot sa akin ni Monette.

Nakaka-disappoint na ang akala kong mga pinakamabait at malapit kong kaibigan sa grupo ay hindi man lang makagawa ng paraan para damayan

ako.

“Gusto n’yo ba ng kape at biscuit?” Tumayo ako. “Ikukuha ko lang kayo ng makakain.”

Binuksan ko ang lata ng biscuit. Kumuha ako ng wafer at Oreo. Nagsalin rin ako ng kape sa plastic cup. Inilagay ko sa tray ang mga inihanda kong pagkain. Napahinto ako sa paghakbang pabalik sa mga kabarkada ko nang marinig ko ang kanilang pinag-uusapan.

“Siguro kagustuhan na rin ng Diyos na maagang mawala ’yung mga magulang ni Lovie. Para matuto siyang tumayo sa sarili niyang mga paa. Mag-mature naman siya. Susko! Napakaisip-bata! Magkakaedad lang naman tayo, pero feeling baby ng grupo kung umasta. Akala mo elementary!” ani Gabi.

“At least now, mamamayat na si Lovie. Kasi panigurado isang kahig, isa tuka na lang ’yan. Baka nga manlilimos na lang siya ng tira-tirang pagkain sa mga kamag-anak niya, eh. Naku! Baka magpalibre pa siya palagi sa atin. Tsk!” sabi ni Ryzae.

“Ang dami pa ngang may mas malalang problema kaysa kay Lovie, eh. Tulad ko. My parents filed for an annulment and I’ve been living alone since last year. Ang pinagkaiba lang namin, may natatanggap akong malaking allowance at buhay pa ang mga magulang ko kahit hindi ko sila kasama,” saad ni Monette. “Mabuti pa change topic na lang muna tayo. Baka marinig pa niya. Mamaya na lang natin siya pag-usapan pag-alis natin. I can’t wait to get out of this eerie place na! Saan n’yo ba gustong magpagpag later, girls?”

Pumipitik-pitik ang utak ko sa aking mga narinig. Mga demonyoita! Nakuha pa talaga nilang magtawa at kutyain ako sa burol mismo ng mga magulang ko. Wala silang puso, literal na taong plastik sila! Darating ang araw na sila naman ang paglalamayan ko at magdidiwang ako sa harap ng mga bangkay nila....

“Malawak pa d’un sa likod at merong playground, wishing well ’tsaka kubo.”

“Ayy! How nice naman!” Nilabas ko ang phone ko. “Gusto ko pang umikot! Explore tayol!”

“Will you stop being childish, Lovie? Nakakairita! Act your age!”

Binelatan ko lang si Gabi nang tumalikod siya. Virgin pa kasi kaya bugnutin! Wala pang nagdilig sa kanyang tuyot at inaamag na pechay! Wahahaha!

“Excited?” sabi ni Anna. Kumapit ako sa braso niya.

“Oh, yes! Super excited. Matagal kong hinintay ’to...”

Nangunot ang noo ni Anna. “Ano’ng ibig mong sabihin?”

“Wala naman. Ang tagal kayang pinlano itong reunion natin. Seven years in the making!”

Panay ang picture ko habang naglilibot kami. Souvenir lang. In a matter of hours, baka crime scene na itong buong resort.